# Abeylabol ang Libreng Payo para sa Pagpapatayong muli at Pagkukumpuni ng Tahanan sa County ng Leon sa Ene. 24-29

**Release Date: Enero 23, 2019**

TALLAHASSEE, Fla. – Nagtutulungan ang FEMA at tindahan para sa pagpapaganda ng bahay sa County ng Leon sa Ene. 24-29 upang magbigay ng libreng impormasyon at payo tungkol sa pagbuo ng bahay na mas matibay at mas ligtas, habang ang mga taga-Florida ay nagkukumpuni o nagpapatayong muli ng kanilang mga bahay na napinsala ng Bagyong Michael.

Ang mga espesyalista ng FEMA ay nasa Tallahassee upang sumagot sa mga katanungan at magbigay ng payo tungkol sa mga napatunayang paraan ng pagpapaganda ng bahay upang maiwasan o mabawasan ang pinsala na idudulot ng mga dadating na mga sakuna.

Karamihan sa impormasyon at mga libreng publikasyon ay nababagay para sa mga trabahong kaya ninyong gawin at mga pangkalahatang kontraktista.

Ang mga tagapayo ay abeylabol sa mga sumusunod na mga tindahan 8 a.m. hanggang 5:30 p.m. sa Huwebes, Biyernes, Lunes at Martes. Sabado ng 9 a.m. hanggang 1 p.m. Hindi abeylabol ang mga tagapayo sa Linggo.

| | |
|---|---|
| Esposito Ace Hardware | Home Depot |
| 2743 Capital Circle NE | 3200 Capital Circle NE |

Tallahassee, Fl 32308 Tallahassee, Fl 32308

Hanapin ang karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapatibay ng ari-arian sa fema.gov/protect-your-property.

Maaaring magbigay ng pangkalahatang gabay tungkol sa mga insurance policy para sa baha at magbigay ng tulong panteknikal upang makatulong sa pagbangon mula sa sakuna.

Upang makipag-ugnay sa FEMA, tawagan ang Helpline sa 800-621-3362 o 800-462-7585 (TTY). Mayroong mga operator para sa iba't ibang wika. Handang tumulong ang mga operator simula 7 a.m. hanggang 10 p.m. pitong araw kada linggo hanggang sa susunod na abiso

###

Misyon ng FEMA: Tulungan ang mga mamamayan bago, habang, at pagkatapos ng mga sakuna.

Para sa listahan ng mga abeylabol na mapagkukunan ng tulong para sa mga indibidwal at negosyong apektado ng Bagyong Michael, bumisita sa visit www.floridadisaster.org/info.

Para sa impormasyon tungkol sa pagbangon mula sa Bagyong Michael, bumisita sa www.fema.gov/disaster/4399.

Sundin ang FEMA at ang Dibisyon ng Florida para sa Pamamahala ng Kagipitan sa Twitter sa @FEMARegion4 and @FLSERT. Maaari din bisitahin ang FEMA at ang mga Facebook peyg ng Dibisyon sa Facebook.com/FEMA and Facebook.com/FloridaSERT.